# {Nagtagubilin sa akin ang kaibigang matalik ko (s) ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng [salah na] ḍuḥā, at na magsagawa ako ng [salah na] witr bago ako matulog.}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagtagubilin sa akin ang kaibigang matalik ko (s) ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng [salah na] ḍuḥā, at na magsagawa ako ng [salah na] witr bago ako matulog.}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na ang mahal niya at ang kasamahan niya, ang Propeta (s) ay nagtagubilin sa kanya ng tatlong gawain: 1. Pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan. 2. Dalawang rak`ah ng [salah na] ḍuḥā bawat araw. 3. Pagsasagawa ng [salah na] witr bago matulog at iyon ay ukol sa sinumang nangangamba na hindi magising sa huling bahagi ng gabi.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee